# Emergency Broadband Benefit

## Ano ang EBB Program?

- Ang EBB program, pinapatakbo ng FCC, ay nagbibigay ng kada buwan na diskwento upang pagaanin ang halaga ng suskripsyon sa broadband internet, na tinutulungan ang mga nahihirapan sa pagkokonekta at pananatiling konektado.

## Ang sang sakop ng EBB?

- Ang Emergency Broadband Benefit ay isang buwan na diskwento hanggang sa $50 sa mga serbisyong broadband para sa mga sambahayan at pinataas hanggang $75 para sa mga sambahayan sa tribal land. Kung pipiliin ng konsyumer ang plan na karapat-dapat na karaniwang nagkakahalaga sa $50/buwan o mas mababa pa, matatanggap ng konsyumer ang sebisyo ng libre.
- Ang programang ito ay hindi limitado sa magisa na mga serbisyo ng internet. Ang mga diskwento ay maaaring magamit sa mga magkakasamang serbisyo na kinabibilangan ng pangtawag, text at mga serbisyong naka-package kabilang ang mga aparato tulad ng mga router, modem, o hotspot. Ngunit, ang mga karapat-dapat na magkakasamang serbisyo ay maaaring hindi kabilangan ng serbisyong pangtawag at cable TV.
- Ang karapat-dapat na sambahayan ay maaari ring makatanggap ng $100 na isang beses na benepisyo para sa mga aparato tulad ng mga laptop at tablet.

## Pagiging Karapat-dapat?

- Ang mga hindi pa na nababayarang bayarin sa isang provider ng serbisyo ng broadband ay hindi magdidiskwalipika sa isang sambahayan mula sa pagiging karapat-dapat sa programang ito.
- Itinuturing na karapat-dapat ang isang sambahayan para sa provider ng serbisyo ng broadband kung nakamit nito ang isa sa mga sumusunod na kwalipikasyon:
  - Malaking pagkalugi mula noong February 29, 2020
  - Sambahayan na may kita na mas mababa pa sa $99,000 para sa mga single filer o $198,000 para sa mga double filer
  - Ang isang miyembro ng sambahayan ay nakatanggap ng Federal Pell Grant sa kasalukuyang taon ng paggawad
  - Ang isang miyembro ay nakakatanggap ng libre/may diskwentong tanghalian ngayong taon o nakatanggap nito noong 2019/2020 na taon ng pag-aaral.

        - Kung ang bata ay hindi pumapasok sa paaralang CEP, ang konsyumer ay maaaring magsumite ng sulat o dokumento mula sa paaralan o distrito ng paaralan na kinukumpirma na nakakatanggap ng libre o may diskwentong tanghalian/umagahan sa paaralan para sa taong 2019 ang miyembro ng sambahayan para sa 2019-2020 at/o 2020-2021 na taon ng pag-aaral.
        - Ang dokumentasyon ay dapat kinabibilangan ng: pangalan ng mag-aaral o konsyumer, pangalan ng distrito ng paaralan o eskwela; kinukumpirma ang kwalipikadong programa (hal. programa ng libre o may diskwentong umagahan/tanghalian sa paaralan); kumpirmahin ang taon ng pag-aaral.
    - Ang isa sa mga miyembro ng sambahayan ay kwalipikado para sa lifeline o kasali sa Medicaid, SNAP, SSI, Federal Public Housing Assistance, Veterans and Survivors Pension Benefit.
        - Pandemic EBT Card – Kung hindi makikita ang card na ito, hindi nila makukumpirma kung maaari ba itong gamitin bilang patunay. Karamihan ng mga SNAP card ay karaniwang hindi kinabibilangan ng impormasyon tulad ng pangalan, petsa ng pagkabisa at hindi pa sila nakakatanggap ng mga card kung wala ang impormasyong ito.

          Karaniwan, ang sulat ng benepisyo na mula sa estado o ahensya ng gobyerno ay naglalaman ng pangalan, mga petsa para sa SNAP, kung saan ito ang karaniwang tinatanggap na dokumentasyon para sa SNAP sa panahon kung saan ang awtomatikong tseke ay hindi possible (halimbawa ay state database eligibility check).

## Proseso ng Pagpaparehistro?

- Ang Social Security Number ay hindi kinakailangan.
- Ang programa ay opisyal na magsisimula sa ika-12 ng Mayo
- Kung ang samabahayan ay isang kalahok ng Lifelline, hindi na nila kinakailangang magbigay ng karadagang mga dokumento upang magpakita ng pagiging karapat-dapat, ngunit kinakailangan nilang pumunta sa pahina ng pagpaparehistro upang mag-opt in sa programang EBB. Ang mga aplikanteng ito ay kinakailangan na mag-opt in sa plan na ibinigay ng kanilang kasalukuyang broadband provider o humiling ng pagpapatala sa programa.
- Ang mga taong kasalukuyang hindi kalahok sa programang Lifeline ay kinakailangang mag-apply para sa programang EBB sa pamamagitan ng National Lifeline Verifier.
- Ang mga aplikasyon ay maaaring kumpletuhin online o sa koreo (Lifeline Support Center P.O Box 7081 London, KY 40742). Ang mga aplikante at kinakailangang ibigay ang kanilang kumpletong pangalan, petsa ng kapanganakan, address, at ISA sa mga sumusunod na mga dokumento: SSN, Tribal Identification Number, ID na inisyu ng gobyerno, Pasaporte, Lisensya sa Pagmamaneho, o Taxpayer Identification Number.